# Si Jose sa Balon

## Mga Tanong

1. Saan isinugo ni Jacob si Jose upang tingnan kung kumusta ang kaniyang mga kapatid?

2. Humigit-kumulang ilang kilometro ang nilakbay ni Jose mula sa Libis ng Hebron hanggang sa Sichem?

3. Nang hindi matagpuan ni Jose ang kaniyang mga kapatid sa Sichem, saan sinabi ng lalaking nasa parang na sila ay nagpunta, at humigit-kumulang gaano pa ito kalayo?

4. Nang makita ng mga kapatid ni Jose na siya ay paparating mula sa malayo, ano ang una nilang napagpasiyahang gawin sa kaniya?

5. Sino ang panganay na kapatid na pumigil sa iba upang hindi patayin si Jose?


6. Ano ang iminungkahi ni Ruben na gawin kay Jose sa halip na patayin siya?

7. Nang dumating si Jose, anong dalawang bagay ang ginawa sa kaniya ng kaniyang mga kapatid?

8. Sino ang nagmungkahi na ipagbili si Jose,at kanino siya ipinagbili?

9. Magkano ang halagang pinagbilhan kay Jose?

10. Paano dinaya ng mga kapatid ni Jose ang kanilang ama na si Jacob upang paniwalaan na patay na si Jose?




## Mga Sagot

1. Isinugo ni Jacob si Jose sa Sichem.
2. Humigit-kumulang 80 kilometro.
3. Sinabi ng lalaki na sila ay nagpunta sa Dothan, na mga 15–25 kilometro pa ang layo.
4. Napagpasyahan nilang patayin siya.
5. Si Ruben.
6. Iminungkahi ni Ruben na ihulog si Jose sa balon.
7. Inalis nila ang kaniyang balabal at inihulog siya sa balon.
8. Si Juda ang nagmungkahi, at ipinagbili siya sa mga Ismaelita
9. Dalawampung pirasong pilak.
10. Pumatay sila ng isang batang kambing, isinawsaw ang balabal ni Jose sa dugo, at ipinakita ito kay Jacob.



Waffle Island

waffleisland.org